



NEVADA SECRETARY OF STATE

PARA SA AGARAN NA PAGLABAS Nobyembre 1, 2024 CONTACT: Elections Division

(775) 684-5720

NVelect@sos.nv.gov

Ang Kalihim ng Estado na si Francisco Aguilar ay Nag-anunsyo ng Pagdami ng Mga Aktibong Rehiistradong Botante sa Oktubre 2024

CARSON CITY, NV – Iniulat ng Kalihim ng Estado ng Nevada na si Francisco Aguilar ang pagtaas ng 60,076 aktibong rehiistradong botante sa buwan ng Oktubre 2024 kumpara noong Setyembre 2024. Ang kabuuang bilang ng mga aktibong rehiistradong botante sa Nevada ay 2,035,166, isang pagtaas ng (3.04%).

Ang mga nonpartisan na aktibong rehiistradong botante ay tumaas ng 12,369 (1.86%). Ang mga aktibong rehiistradong botante ng Democratic Party sa buong estado ay tumaas ng 16,731 (2.82%). Ang mga aktibong rehiistradong botante ng Republican Party sa buong estado ay tumaas ng 26,484 (4.61%). Ang mga aktibong rehiistradong botante ng Independent American Party ay tumaas ng 3,789 (4.29%), at ang mga aktibong rehiistradong botante ng Libertarian Party ng Nevada ay tumaas ng 150 (0.94%). Tumaas ng 553 (1.39%) ang mga aktibong rehiistradong botante mula sa isang kalipunan ng “ibang” maliliit na mga partidong pampulitika.

Sa 2,035,166 aktibong rehiistradong botante sa Nevada:

- 675,982 ay Nonpartisan (33.22%);
- 609,954 ay mga Democrat (29.97%);
- 600,754 ay mga Republican (29.52%);
- 92,037 ay mga miyembro ng Independent American Party (4.52%);
- 16,092 ay mga miyembro ng Libertarian Party ng Nevada (0.79%); at
- 40,347 ay mga miyembro ng iba pang maliliit na partidong pampulitika (1.98%).

Ang pinakabagong breakdown ng pagpaparehistro ng botante ay makikita sa ilalim ng tab na Mga Halalan sa www.NVSOS.gov o sa pamamagitan ng [pag-click dito](#).

###

MGA MADALAS ITANONG

Q: Paano ako magpaparehistro para bumoto?

A: Lahat ng mga county at lungsod ay nag-aalok ng online na pagpaparehistro. Bisitahin VOTE.NV.gov Maaari mo ring baguhin ang iyong kasalukuyang pagpaparehistro sa site na ito.

Q: Bakit madalas na nagbabago ang mga numerong ito, lalo na bago at pagkatapos ng ikot ng halalan?



NEVADA SECRETARY OF STATE

A: Habang kinikilala ng mga opisyal ng halalan ng county ang mga hindi aktibong botante at ina-update ang mga listahan ng mga botante, napakakaraniwan para sa mga istatistika ng pagpaparehistro ng botante na magbago-bago.

- Ipinagbabawal ng National Voter Registration Act (NVRA) ang mga nakagawiang mga aksiyon sa pagmementena ng listahan 90 araw bago ang isang halalan. Nangangahulugan ito na ang mga county ay hindi maaaring magsagawa ng regular na pagmementena na di paganahin ang pagpaparehistro ng botante 89 araw o mas kaunti bago ang halalan. May mga eksepsyon, tulad ng isang botante na humihiling na kanselahin ang kanilang rehistro, o ang Opisina ng Kalihim ng Estado ay nakatanggap ng opisyal na abiso mula sa Opisina ng Vital Statistics na ang isang botante ay namatay.
- **Ang deadline para sa mga county na gawin ang regular na pagmementena ng listahan bago ang [Ika-5 ng Nobyembre, 2024 Pangkalahatang Halalan](#) ay noong Ika-7 ng Agosto, 2024. Karaniwang ginagamit ng mga county ang mga huling araw na ito na itinakda ng NVRA upang matiyak na ang mga hindi aktibong botante ay aalisin bago ang panahon ng blackout.**
- Ang mga Klerk/Rehistrador ng County ay dapat maghintay hanggang matapos ang halalan upang alisin ang sinumang mga botante na natukoy nilang hindi aktibo sa panahong ito, kaya karaniwang may pagbaba sa Mga Aktibong Pagpaparehistro sa mga buwan pagkatapos agad ng Pangunahin at Pangkalahatang halalan. Dahil sa dami ng mga kinakailangan pagkatapos ng halalan, ang mga prosesong iyon ay maaaring tumagal ng ilang buwan bago makumpleto.
- Bagama't ang mga prosesong ito sa pag-update ng mga listahan ng mga botante ay naganap sa loob ng maraming taon, ginawang mas mahusay ng mga unibersal na balotang pangkoreo ang mga ito dahil mas madaling matukoy ng mga county ang mga hindi aktibong botante at i-update ang mga pagpaparehistro ng botante kung naaangkop.
- Kung nakatanggap ka ng balota o sample na balota sa iyong mailbox para sa isang botante na hindi nag-update ng kanilang address, hinihikayat ka ng Opisina ng Kalihim ng Estado na isulat ang "return to sender" sa sobre upang matulungan ang aming pagmementena ng listahan ng pagpaparehistro ng botante. Ang sobre ay ibabalik sa iyong Klerk/Rehistrador ng County at makikilala bilang "hindi maihahatid" at ang katayuan ng pagpaparehistro ng Botante ay ia-update sa hindi aktibo.

Ang isang botante ay maaaring pumunta sa kanilang Klerk na dala ang mga tamang dokumento, kahit hanggang sa pagsasara ng mga botohan, upang i-update ang kanilang pagpaparehistro at bumoto.

Q: Ano ang proyekto ng Voter Registration & Election Management Solution (VREMS)?

A: Lumilikha ang VREMS ng isang sentralisadong database ng pagpaparehistro ng botante sa buong estado at nag-uugnay sa mga sistema ng pamamahala ng halalan sa lahat ng mga county. Ang paglipat na ito sa VREMS sa buong Nevada ay nagpapabago sa ating mga halalan, nagbibigay sa



NEVADA SECRETARY OF STATE

mga botante ng higit na transparency sa proseso ng elektoral, tumutulong na panatilihing malinis ang listahan ng mga botante at i-streamline ang karanasan sa pagboto ngayong taglagas.

Nakatanggap ang Opisina ng Kalihim ng Estado ng isang beses na \$30 milyon na paglalaan ng badyet upang maipatupad ang VREMS nang mahusay at sa isang pinabilis na iskedyul bago ang ikot ng halalan sa 2024.

Matuto pa tungkol sa proyekto [dito](#).